


# PUMARITO KA, SUMUNOD KA SA AKIN

 Buweno, hindi pala, bago pa n'yan ipinanganak si Becky. At kaya naisip ko—naisip ko, “Buweno, alam mo...” Yung—'yung kinakain kong isang mangkok ng oatmeal, diyes sentimos lang 'yun. Buweno, kaya ako... Kapag binibigay nila sa akin 'yung resibo ko, haya't basta ko na lang pinipirmahan, kita n'yo, tapos babayaran ko, ipapasa, tapos ipipresenta 'yun, dahil puwede ko 'yun pabayaran sa kumpanya.

<sup>2</sup> Tapos isang araw nung magkaroon kami ng—ng pagpupulong ng mga taga-patrolya. “Grabe naman,” sabi nila, “sino kayang nagpasa nung resibo na 'yun?” Kita n'yo? Yung—'yung pinaka lider namin, alam n'yo, “Biruin n'yo diyes sentimos lang para sa agahan?” Mangyari nga na napaka matipid naman nun para sa ibang kasamahan ko, alam n'yo. Ang ilan kasi sa kanila'y isang dolyar ang inilalagay na gastos, kita n'yo; dalawang dolyar pa nga kada kakain. At ako nama'y kung ano lang talaga ang ginastos ko.

<sup>3</sup> Buweno, sabi ko, “Buweno, ngayon, wala namang dahilan na ganoon ang ilalagay ko't ipapasa. Ano namang gagawin ko kung ang ginastos ko sa kinain ko, ay diyes sentimos lang talaga?”

<sup>4</sup> Si G. Fields, na assistant superintendent, sabi niya, “Bill, isang dolyar dapat ang ilista mo, na pinakamababa, kahit ano pa.” Sabi, “Ganoon kasi ang ginagawa ng iba.” Sabi, “Dapat kasi halos pare-parehas kayo.”

<sup>5</sup> “Buweno,” sabi ko, “Hindi kasi ako—hindi kasi ako kumakain masyado't isang mangkok lang ng oatmeal, at 'yun lang ang inilalagay ko na gastos ko.”

Sabi, “Oh, huwag, huwag ganun.”

<sup>6</sup> Buweno, pagkatapos sa isip-isip ko, “Anong gagawin ko dun?” Kaya ang inililista ko na lang pagkatapos ay limampung sentimo kada agahan. Tapos 'yung apatnapung sentimo nun ay kinukuha ko, baka sakaling may pagkagastusan ako, ibigay marahil sa mga bata sa lansangan; 'yung mga bata kasi, alam n'yo, mukha ngang kailangan nila ng sandwich, sandwich, din. Buweno, sa isip-isip ko marahil ako'y... Tama, ang kumpanya, mismo 'yun, na nakikipag-usap sa akin nang tulad nun. Ang lalaki namang 'yun ay wala na sa kumpanya.

Kaya, sa isip-isip ko, “Baka may nagawa akong mali.”

<sup>7</sup> Kaya dito di pa katagalan, kasama ang isang taga-patrolya... Ngayon gumagamit na sila ng mga helicopter para

mag-patrolya, kita n'yo. Kaya bumisita siya at humimpil sandali. Sabi niya, "Ano sa palagay mo, Kapatid na Branham," sabi, "ang taas na ng itinutubo ng punong 'yan."

Sabi ko, "Oo nga." Sabi ko, "Yung mga bata'y naglalaro sa lilim nun diyan."

Sabi niya, "Puwede ba nating tabasan ang ibabaw?"

Sabi ko, "Sige, pero huwag n'yo lang putulin. Kita mo?"

Sabi niya, "Sa totoo lang, gusto naming ipaputol ito. Haya't babayaran ka namin para diyan."

<sup>8</sup> Sabi ko, "Hindi. Hindi. Hindi ko gustong putulin n'yo ito." Buweno, alam ko kasi 'yung mga batas tungkol sa karapatan-sadaan, kung tutuusin, alam n'yo, dahil nandun ako nang pitong taon. Sabi ko, "Hindi." Sabi ko, "Hindi ko gustong ipaputol, pero puwede n'yong tabasan ang ibabaw." Sabi ko, "Payag ako—payag ako na tabasan ito, pero," sabi ko, "puwede rin na kayo ang gumawa. Puwede n'yong tabasan ang ibabaw nito kung gusto n'yo." Sabi ko, "Ako, si Kapatid na Wood at ako, kami na sana ang tatabas ng ibabaw nito. Kami nga ang tumabas ng iba pa rito." Tapos sabi ko, "Pero itong isang 'yan ay gusto kong panatilihin para na rin sa mga bata, Sina Joe at sila, alam n'yo, na mga maliliit na bata'y naglalaro sa lilim ng punong ito."

<sup>9</sup> May pinuntahan lang akong lakad noon. Pagbalik ko, pinutol na 'yung puno't inalis na dun. Oh, grabeng demanda 'yun na naghihintay sa kompanya, kita n'yo, dahil sa pagputol dun sa puno, kita n'yo. At kaya sa isip-isip ko, "Ngayon," sabi ko, "Panginoon, hindi ko na lang po 'yun babanggitin pa." Kita n'yo? "Kung 'yun man ay may kinalaman sa aking—aking, tungkol sa, inililista kong gastos, na diyes sentimos na halaga lang ang kinokonsumo ko, at ang ipinapasa ko ay 'singkuwenta sentimos.'" Kita n'yo? Sabi ko, "Kung may kinalaman 'yun dun, sige't aayusin ko, siyanga, na—na aking—na akin ngang nagawa 'yun, siyanga. Na ako'y. . ." Tapos natigil na 'yung pananaginip ko tungkol sa pagtratrabaho ko noon sa Public Service Company, kita n'yo, kaya sigurado ngang may kinalaman talaga 'yun doon.

Kailangan binabantayan talaga natin ang ginagawa natin. Siguradong mananagot kasi tayo tungkol dun balang araw.

<sup>10</sup> Ang mga bata po'y, pumarito sila. Ang nanay mo ay nandito, kanina ngayong araw, Trudy. Sa palagay ko, di mo alam. Medyo nakakagulat, sa tingin ko. At gragradweyt ka na. At siyanga po't may biyahe kami rito. May sasadyain akong pagtitipon mayamaya, pagkatapos na pagkatapos nitong pagtitipon na ito. At uuwi na kami.

<sup>11</sup> Kaya naisip ko na mainam na pagkakataon ito para makapangusap sa inyong lahat, at heto rin na naisip ko na mainam na makapangusap sa mga kabataan bago ka mismo grumadweyt. Babasa ako ng isang talata rito sa Biblia, at

mangungusap sa inyo mula sa puso ko, nang mga sampung minuto. Dadaan ako sa direksyon mo. Kita mo?

<sup>12</sup> Bago ako mangusap sa mga kabataan, nais ko lamang makapangusap sa mga nakatatanda pansumandali, rin, sa inyong lahat. Ngayon po, marahil, siguro'y masasabing mahirap na lakbayin, ito nga pong pinagdaanan ko. Pero ang karansan na natutunan ko mula sa Diyos, hindi ko nga maitutumbas sa sampung libong dolyar itong bagay na natutunan ko tungkol sa Panginoon mula nung pumarito ako. Ganap na naniniwala ako na ako'y buong-buong tumatalima sa utos ng Pinaka Makapangyarihan sa lahat, at umaasa ako—umaasa ako na ako'y makapanatili na ganoon. At may . . .

<sup>13</sup> Itong pagpunta ko, isa pong bagay, na ito'y sa pamamagitan ng isang pangitain, na ako'y nakatayo sa ibabaw ng Tucson dito nung may—may—may malakas na pagsabog. Buweno, naroon noon si Kapatid na Fred noong may sumabog. Tapos nakunan nila 'yun ng litrato, alam n'yo na, sa himpapawid. At di ko 'yun inisip-isip, di ko napagtuunan ng pansin. Mangyari lang na unti-unting pumapasok sa isip ko, nung isang araw. Haya't si Kapatid na Norman, ang tatay po ni Norma rito, sabi sa akin, sabi, "Nakita mo na ba ito?"

<sup>14</sup> At sa pagkakita na pagkakita ko pa lang, hayun nga ang mga Anghel na sadya ngang ang linaw-linaw Nila, nandun mismo sa litrato na 'yun. Kita n'yo? Tiningnan ko kung kailan 'yun, at kung anong petsa 'yun, parehas, mga isang araw o dalawa bago, o isang araw o dalawa ang nakalipas noong pumaroon ako. Tiningnan ko kung saan 'yun. "Hilagang-silangan ng Flagstaff, or Prescott, na nasa baba lang ng Flagstaff." Buweno, kami nga'y nandun noon, kita n'yo, siyanga mismo.

<sup>15</sup> "Dalawampu't anim na milya ang taas." Hayan nga't, hindi nga puwedeng makaabot doon ang halumigmig nang lampas—lampas apat, apat na milya ang taas, o lima, halumigmig man, o kung anong hamog na ulap o kahit ano, kita n'yo. Ang mga eroplano po'y lumilipad sa taas na labingsiyam na libo. Yun po'y para lampas sila sa lahat na mga ulap, kita n'yo. At ang labingsiyam na libo ay nasa apat na milya lang ang taas. Ito nama'y dalawampu't anim na milya ang taas, at tatlumpung milya ang lapad nito, at nasa hugis ng piramide, kung titingnan n'yo sa litrato.

<sup>16</sup> At sa kanang-bahagi nito, gaya ng nabanggit ko na sa inyo, napansin ko, ang bagay na kamangha-mangha, ang Anghel na 'yun. Hayun nga Siya, nakaliyad ang dibdib, may pakpak sa likod, papalapit dun, kung papaano nga 'yun. Hindi ko 'yun napansin noong una Silang. . . Napakarami po kasing bagay ang naganap.

17 Ito nga lang po rito sa daan noong isang araw, may bagay na nangyari na nagsalita sa akin tungkol sa bagay na dapat kong—dapat kong gawin. At hindi 'yun—hindi 'yun mensahe ko.

18 May isang pagkakataon, sabi ni Leo Mercier sa akin, sabi, “Kapatid na Branham, darating ang panahon pagkatapos nito,” sabi, mga lima o anim na taon na ang nakararaan, siguro’y pito pa nga, sabi, “babaguhin ng Panginoon ang pagmi-ministryo mo, Kapatid na Branham.” Tapos sabi, “Kapag ginawa na Niya, siguro’y magpapapila ka na ng mga linya sa mga ospital, at magsasalita ka lang na tumayo sila mula sa—sa mga kinararatayan nila at ganoong mga bagay.” Medyo hindi tama sa pandinig, gayong naniniwala naman ako na sinisikap ni Kapatid na Leo na maging taos-puso tungkol dun.

19 Mangyari lang na hindi 'yun tama sa pandinig, dahil, kita n'yo, maging ang ating Panginoong Jesus ay di ganoon ang ginawa. Kita n'yo? At mangyari na nagpunta Siya sa mga ospital. May isa nga dun sa ospital. Natatandaan n'yo po ba kung saan 'yun sa Biblia? Sa patubigan ng Betesda. Madla-madla ang mga taong walang lakas dun na nakaratay, mga pilay, lumpo, bulag, naluluoy, na naghihintay sa Anghel. Ngayon, 'yun po'y nangyari sa isang espirituwal na ospital kung saan ang mga tao'y naghihintay sa Makalangit na kagalingan. At heto ang Makalangit na Tagapagpagaling Mismo na nagpunta roon at isa lang ang pinagaling roon at umalis na. Kaya hindi n'yo aasahan ang isang mortal na tao, o may pagmi-ministryong darating, na mas dadakila pa kaysa roon noon. Kita n'yo? Kaya di ako maka-oo dun.

20 Pero nung nagsimula na akong bumaling, dumating sa akin ang Espiritu Santo. Humiram ako kay Leo ng pansulat. May piraso ako ng papel, at isinulat ko 'yun. Nandun 'yun ngayon sa trailer niya, kung uusisain n'yo kung nasaan 'yun. Dun po sa isang lumang aluminum na trailer kung saan naroon 'yung kabitan. Pagpasok n'yo dun sa pinto, may salansanan sa kanan, sa harapan ng trailer. Nandun 'yun. Ipinatong ko 'yun dun. Sabi, “Balang araw kukunin mo ito rito. ‘Hindi binabago ng Diyos ang pagmi-ministryo, pero babaguhin Niya ang tao na kalakip ng pagmi-ministryo.’” Yun ang bagay na dapat maipangyari.

21 Kita n'yo, alam ko—alam ko kung ano ang kailangan kong gawin, pero di ko—di ko—di ko lang magawa, di ko pa lang magawa sa kalagayan ko ngayon. Dahil, kinakailangan kong . . . May bagay na kailangang mangyari muna sa akin, na magbubunsod sa Diyos na gawin 'yun.

22 Kami po'y may balak nang umuwi. Gusto nang umuwi ng mga bata, lahat po sila'y gusto nang makabalik. Kaya iniisip ko na iuwi sila, loobin ng Panginoon, marahil pagkatapos ng gawain sa Sabado, at makabalik na. Mula dun, di ko pa po alam. Pero alam ko na kapag ang bagay na 'yun ay mangyari na sa akin, na

ako'y magkaroon ng malasakit sa mga tao, na iba sa kung ano ang nararamdaman ko ngayon. Tinatanggihan ko ang mga—ang mga tao, kita n'yo, at tila ayaw ko—ayaw ko nang magkaroon ng anumang kinalaman sa kanila. Alam n'yo po ang ibig kong sabihin, ito pong tinatawag kong “ricky, ricketta,” hayan po ang mga bagay-bagay na ginawa nila. Ako'y nangaral sa kanila nang buong taos-puso, at pinagtitibay ito ng Diyos sa bawat paraan. “Mangyaring kung ayaw nila Itong sampalatayanan, aba, pabayaan mo sila kung ganun.”

<sup>23</sup> Ako po'y magpupunta sana roon, sasama ako kina Bud sa parating na taglagas, magsisimula nang gumayak dun. Maghihintay dun sa ilang, hanggang sa humaba ang buhok at balbas ko. At kung nais ng Panginoon na isugo ako kung saan, padadalhan Niya ako ng salita, at hahayo ako't gagawin 'yun.

<sup>24</sup> At dun sa daan, sa pagbibiyahe ko nung isang araw, pinahinto Niya ako. At nakita ko kung saan... kung ano ang kakaharapin ko. Ako po'y—ako'y tumutugaygay na sa aking daan patungo sa iba na ngayon. At sa isip-isip ko, pagdating ko ng bahay, gagawa ako ng tinatawag natin na puso-sa-pusong pakikipag-usap, marahil ilalagay ko sa teyp, at pagkatapos at nang sa ganoon ay makita ng publiko kung bakit may biglaang pagbabago.

<sup>25</sup> Ngayon, kayo po na mga kabataan, tayo po'y... Tayo po'y dumulog lamang sa pananalangin.

<sup>26</sup> Panginoong Jesus, kami po'y galak na galak para sa oras na ito, nang may pagkabatid na kami'y nagkatipun-tipon sa dako rito, ang mga kabataan at nakatatanda, at ang mga edad media. At kami po'y nagkakatipon, sa dako rito ng Walang Hanggan, muli para makapangusap tungkol sa Iyo at tungkol sa mga bagay na pumapatungkol sa Buhay na walang hanggan.

<sup>27</sup> At narito po ang mga kabataan ngayong gabi, ang ilan sa kanila'y gragradweyt na, ang iba'y nakagradweyt na. Pero may bagay po ako na napagtanto, Panginoon, may bagay na nangyari mga ilang oras bago ang malakas na pagyanig, o malakas na pagsabog, na nangyari doon sa bundok, sa hilaga ng Tucson, noong ang mga Anghel ng Panginoon ay bumaba. Naalala ko kung ano ang sinabi, at—at lalong-lalo na sa mga kabataan. Dalangin ko po sa Iyo, Panginoon, na kami'y tulungan na makaunawa. At ako nawa'y makapangusap ng isang bagay sa mga kabataang ito, ngayong gabi, na makatutulong sa kanila sa lakbayin. Dahil, Panginoon, kailangan na kailangan namin ang tulog na 'yan sa panahon na ito.

<sup>28</sup> Iyo pong pagpalain kami nang magkakalakip. Iyo pong patawarin kami sa aming pagkakasala. At kung may bagay man na nagawa kami mula nang pumasok kami rito, na hindi po lumulugod sa Iyo, dalangin namin na Iyo pong patawarin kami sa bagay na ito. Dahil napagtatanto namin, ngayon, na

wala—wala kaming kasiguraduhan para bukas. Hindi namin alam kung anong hatid ng bukas. Kailangan na kami'y handa ngayon para kaharapin ang bukas. At, Diyos Ama, may isang bagay lamang na nalalaman kami para gawin ito, 'yun po'y, ang maghanda para makita Ka, dahil unti-unti naming napagtatanto na lahat kami'y gagawin ito. At tutugon at tutugon kami rito balang araw, nang may kapayapaan, bilang kaibigan o anak, o bilang isang kaaway. Nawa'y di naman po sana mangyari, Panginoon, na kami'y maging kung ano pang ibang bagay bagkus maging Iyong Sariling minamahal na mga anak. Iyo pong ipagkaloob ang mga bagay na ito na hinihiling namin, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>29</sup> Ngayong araw na ito, habang nagtatabas ako ng damo, kaninang maagang-maaga, may natagpuan akong dako rito sa Biblia, na sa isip-isip ko ay napaka inam na dako para basahin sa oras na ito. At ito po'y . . . marahil hindi angkop na angkop, pero naisip ko na sa . . . ilang—ilang minuto marahil, ay ipangusap ito. Nais kong bumasa mula sa ika-18 kabanata ng San Lucas. Lahat ng apat na manunulat ng Ebanghelyo'y sumulat patungkol dito. Sige't ika-18 kabanata at sa ika-18 talata.

*At tinanong siya ng isang pinuno, na sinasabi, Mabuting Guro, anong gagawin ko upang magmana ng walang hanggang buhay?*

*At sinabi sa kaniya ni Jesus, Bakit mo ako tinatawag na mabuti? walang mabuti, kundi isa, ang Dios lamang.*

*Talastas mo ang mga utos, Huwag kang mangalunya, Huwag kang pumatay, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan, Igalang mo ang iyong ama at . . . ina.*

*At . . . sinabi, Ginanap ko ang lahat ng mga bagay na ito, at tinupad ang mga ito buhat pa sa aking pagkabata.*

*At nang marinig ito ni Jesus, ay sinabi niya sa kaniya, Isang bagay pa ang kulang sa iyo: ipagbili mo ang lahat . . . mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, . . . magkakaroon ka ng mga kayamanan sa langit: . . . pumarito ka, sumunod ka sa akin.*

<sup>30</sup> Binubulay ko nga, ang katagang, *Pumarito Ka, Sumunod Ka Sa Akin*, 'yan nga ang pinaka mainam na payo na maipapayo ko kung ako'y nangungusap sa sampung libong mga bata, o kung ako'y nangungusap sa mga tulad ko. Isa itong utos, at ang pinaka dakilang bagay sa palagay ko na naialok sa kung kanino man kahit kailan, at lalong-lalo na sa isang kabataan, "Sumunod ka sa Akin."

<sup>31</sup> May susundan at susundan kayo. Ngayon, kayo nga'y . . . Sige't tandaan n'yo 'yan. May susundan at susundan kayo na kung sino. At sa pagsunod n'yo sa taong ito, siguraduhin n'yo,

kung sino din ba ang sinusundan ng taong ito. Kita n'yo? Tayo . . .

<sup>32</sup> Sinabi ni Pablo isang beses, “Maging taga-tulad kayo sa akin na gaya ko naman kay Cristo.” Sa madaling salita, “Kung papaano nga na ako’y sumusunod kay Cristo, sumunod kayo sa akin.”

<sup>33</sup> At ngayon, sa pibotal na punto na ito, sa—sa yugto ng buhay na lahat tayo’y dumadaan. At maraming beses na naririnig n’yo ako na sumisigaw ng “ricky, ricketta,” at ganung mga bagay. Ito, ito nga’y dahil sa kapanahunan. Ito’y dahil sa kapanahunan na kinabubuhayan natin. Hindi naman talaga sa mga taong ito.

<sup>34</sup> Ang mga taong ito ay mga tao rin naman gaya natin. Itong mga kabataang ito sakay sa kanilang magagarang sasakyan, na paroo’t parito sa kalsada rito, at kung anu-ano ang ginagawa sa sarili nila, naninigarilyo at tumutunga ng alak, at ang mga kabataang babae’y imoral ang pananamit, at mga bagay-bagay, haya’t sila’y mga kababaihan at mga kalalakihan na gaya rin naman natin. Kita n’yo? Tao rin sila. Nagmamahal sila. Kumakain sila. Umiinom sila. Natutulog sila. Humihinga sila. Siguradong mamamatay rin sila. Tao rin sila kagaya natin. At sa kabila nun sila’y . . .

<sup>35</sup> Inaalihan sila ng masamang espiritu. Hindi nila ito namamalayan. Hindi dahil sa—sa mga taong ito, pero dahil, kung minsan, sa mga tagapanguna na sinusundan nila na dinadala sila sa maling landasin.

<sup>36</sup> Ngayon, kayo na mga kabataang babae’t kabataang lalaki mas maalam kayo tungkol diyan. Alam n’yo. Naturuan kayo nang mas mainam kaysa riyan. May mas maiinam kayong magulang, haya’t higit na mainam ang pagpapalaki sa inyo na hindi n’yo nga gagawin ang bagay na kagaya nun. Mas maalam kayo.

<sup>37</sup> Pero sila nga’y hindi, kita n’yo, dahil ang mga simbahan na dinadaluhan nila’y modernong mga simbahan, may pagka-moderno. At sila’y—sila’y nakikipamuhay sa panahon, na mas uso. At, oh, naku! Yaong . . . Yung mga kaugalian ngayon ay naging mabuti sa kanila. Kita n’yo? Kaya tuloy sila, hayan . . . Gaya ng nabanggit ko isang beses, sa isang dula na napanood ko rito, di pa katagalan, tungkol sa Sodoma at Gomorra, na itong inaalihan ng diyablong babae’y ang sabi kay—kay Lot, “Yang tinatawag mong imoral, tinatawag kong mabuti.”

<sup>38</sup> Sinabi ni Jesus, “Kagaya sa mga araw noon ni Noe, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao.” Mangyari nga na bumalik tayo sa kalagayan na ’yan uli.

<sup>39</sup> Sige’t tingnan natin itong kabataan, pansumandali, na binasa natin. Hindi maikakatwa na ang kabataang ito’y ipinanganak sa isang mabuting tahanan, kagaya n’yo na mga kabataan. Pinalaki siya na may mabubuting magulang. Dahil,

pinatunayan dun, nung banggitin sa kanya ni Jesus ang mga utos ng Diyos. Ang sabi niya, “Tinutupad ko po ang mga ito mula nung bata pa ako.” Ipinapakita lang na siya’y—siya’y—siya’y pinalaki nang tama. Hindi siya basta-basta. At alam n’yo, siya’y—siya’y pinalaki na alam niya ang tama, gaya n’yo ngang lahat na mga kabataan. Marahil lumaki sa piling ng isang nanay na may takot sa Diyos at sa isang tatay, na—na—na tinuturuan siya ng tama, nung bata pa siya. Buweno, mainam nga.

<sup>40</sup> Marahil, nung sanggol pa lang siya, mataas na ang pangarap ng nanay niya na siya’y lalaki na isang kapita-pitagang binata balang araw. Gumastos ang kanyang tatay, nang sa gayon mapag-aral siya at—at maibigay sa kanya ang isang edukasyon na siya’y... na siya’y lalaki na may mainam na edukasyon at maaari siyang maging mahalagang tao sa mundo. At dahil sa sinseridad ng nanay at tatay na ito, na naglaan ng edukasyon para sa kabataang ito, at marahil heto na gragradweyt na rin siya gaya n’yo, kita n’yo, gumugol siya ng panahon sa eskuwelahan at nakamit ang edukasyon niya. Hindi maikakaila na siya marahil ay kapurihan at kagalakan sa—sa buhay ng kanyang nanay at tatay. Hindi mapapasubalian, na sa mga panahon na ’yun, may maiinam na mga kabayo siya, kagaya n’yo na may mga sasakyan, at may mabuting tatay at nanay kagaya n’yo na mayroon mismo, na sinisigurado, na may naidadamit kayo nang maayos, at—at kotse pa nga, at nagagawang... at magawang tamasahin ang mabuting buhay, kagaya ng kung anong mayroon kayo ngayon.

<sup>41</sup> At ang tatay at nanay pa nga... babad mismo sa pananalangin na—na ang kanilang anak na lalaki’y hindi lang basta magiging ordinaryong tao, kundi magiging ekstra-ordinaryong tao. Lahat naman ng mga magulang ay ’yan ang hangad. Narinig n’yo ba si Jesus na tumukoy mismo sa utos na ’yun, “Igalang mo ang iyong ama’t ina,” tapos huminto? Kita n’yo? At ’yan po ang ambisyon ng bawat magulang, ang gawin ang pinaka mainam para sa kanilang mga anak, sa abot ng makakaya nila, bigyan sila ng edukasyon, bigyan ang mga anak ng mga bagay na marahil hindi nila nakamit noon. Yan po ang nararamdaman ko sa aking mga anak.

<sup>42</sup> Iniisip ko, kung minsan, itong pagi-eskuwela, ngayon; iniisip ko, itong pagpapadala kina Becky at Sarah at Joseph sa mga matataas na paaralan na ito at mga bagay-bagay, anupa’t saan nga hahantong ito? Iniisip ko na dalhin sila at magpupunta kami sa liblib ng bundok, at—at palalakingin sila doon na may... kagaya ng pamumuhay ng mga Indian.

<sup>43</sup> Pero heto nga ito. Kung ano ang nasa kaibuturan ng isang bata’y lalabas at lalabas mismo. Kahit na saan pa, ’yun ay, lalabas at lalabas. Kung ang naroon sa kaibuturan ay kasamaan, lalabas at lalabas ’yun maski sa kampamento pa ng mga Indian. Kung kabutihan naman ang naroon, lalabas at lalabas ’yun maski saan pang kampamento. Kita n’yo? Kung ano nga ang



naroon sa kaibuturan ng bata, ang pagkatao ng bata, kung ano talaga 'yung nasa kalooban n'yo. Haya't kung ano kayo ngayon ay 'yan na marahil kayo sa nalalabi pang araw ng buhay n'yo. Heto nga kayo ngayon sa punto kung saan kayo mababago.

<sup>44</sup> Alam n'yo ba ito? Walumpu't anim na porsiyento ng mga pagbabagong-loob kay Jesus Cristo ay nangyayari bago ang edad na dalawampu't isa. Yan mismo ang ipinapakita. Ipinapakita mismo ng estatistika. Walumpu't anim na porsiyento ng mga lumapit kay Cristo, ay lumapit bago ang edad nila na dalawampu't isa. Kayo, matapos na makalampas kayo sa edad na 'yan, kayo'y mas nagiging matigas na o di na nababago sa inyong gawi. Oh, posible pa rin, tunay nga. May ilan na lumalapit, pitumpu, walumpung, taong gulang pa nga, pero madalang na po. Kita n'yo?

<sup>45</sup> Itinatakda n'yo na ang sarili n'yo sa murang edad. Itinatakda n'yo ang inyong mga ambisyon sa bagay na nais n'yong gawin, at kung ano ang sinisikap n'yong maabot sa buhay. Doon n'yo ito iniisip. At sa pag-iisip n'yo, mangyari nga, na sa isip n'yo, iprinepresenta 'yan sa diwa n'yo ng di-nakikilalang bagay na—na nangingibabaw sa inyong isip. At pagkatapos kapag nandiyan na 'yan sa isip n'yo, mangyari nga na sinasalita n'yo ito, na gagawin n'yo ito. At pagkatapos itutulak kayo ng mga ambisyon n'yo papunta roon.

<sup>46</sup> Kaya, ang nanay at tatay, malaki ang pag-aasam nila na ang kabataang lalaki na ito'y. . . ang mga ambisyon niya kasi'y mataas; may sapat na pera rin naman sila para maabot ito. At pagkatapos, hindi maikakatwa, na ipinanalangin nila itong— itong kabataang lalaki na ito na—na maabot ang oportunidad na 'yun. Kita n'yo, ginagawa ng magulang—ng magulang ang lahat ng magagawa nila. Marahil ang kabataang lalaki pa nga'y may maiinam na mga kabayo, at—at marahil kilala sa gitna ng mga kababaihan.

<sup>47</sup> At kung may ganoon sa kalalakihan, mayroon din sa kababaihan, ganoon din, kita n'yo, dahil ang pinag-uusapan natin dito ay buhay ng tao, mga kaluluwa, ng kapwa kalalakihan at kababaihan.

<sup>48</sup> At pagkatapos, matapos ang lahat ng mga oportunidad na ito na kamit ng kabataang lalaki, kita n'yo, siya nga'y naging “madali ang tahakin,” gaya ng tawag natin dito, nasa punto siya na hindi niya kailangang mag-alala nang husto. Ang mga magulang niya kasi'y may pera. Siya'y may. . . Siya nga'y napaka. . . Siya'y naging namumuno pa nga. Yan ang sinasabi rito ng Biblia, patungkol sa . . . tinukoy bilang kabataan, mayamang kabataang tagapamuno. At nakita natin na. . . Sa kabataang edad, marahil nasa disi ang edad, katatapos lamang niya ng pagi-eskuwela, marahil kagragradweyt pa lang, marahil, ilang linggo bago nun, o parang ganun, siya'y naging. . . Siya'y

naging tagapamuno, at siya'y naging katayuan na hinahangad ng lahat na mga puso.

<sup>49</sup> At ang kabataang lalaki nga'y hindi siya modernong ricky. Isa siyang mainam na kabataan. Naniniwala ako, na noong isulat ito ni Lucas, o ni Marcos, sa pagkakaalala ko, tumingin sa kanya si Jesus at nagbuntong-hininga, dahil Kanyang giniliw ang kabataang lalaki. Kita n'yo? May kung anong bagay sa kabataang lalaki na ito. May napaka inam na pagkataong nakaakibat sa kabataang ito. Saan ba siya nagbuhat? Mula sa isang mainam na pamilya na tinuruan siya ng mga utos ng Diyos, at binabantayan na kanya itong tinutupad. At 'yan nga ang ginawa niya, mula sa pagkabata niya.

<sup>50</sup> At ang kabataang lalaki'y may ambisyon; nagnanais siya ng Buhay na Walang Hanggan. Sabi niya, "Mabuting Guro, ano pong magagawa ko para magmana ng Buhay na Walang hanggan?"

<sup>51</sup> Kita n'yo, makuha n'yo man ang lahat sa mundo, pero may kaluluwa sa kaibuturan n'yo na nagsasabi sa inyo na may bagay pa na kailangan n'yo, na wala kayo. Kung sa yaman lang. . . O, hindi nga ito sa pamamagitan ng kayamanan lang. Marahil, ang pagiging sikat, ng kung sinong magandang dilag, na siya'y may taglay na kagandahan na lubos maisip niya. Marahil sikat siya sa eskuwelahan. Marahil ang kabataang lalaki'y makukuha niya ang sinumang babae na magustuhan niya. Kampante ang pakiramdam niya. Hindi 'yan pagkakampante. Lilipas din 'yan gaya ng isang bulaklak sa parang. Kita n'yo? Lilipas. Hindi magtatagal. Kaunting pag-inog lang ng araw, mawawala na, tapos may isang kaluluwa ka na dapat mabuhay nang Walang Hanggan.

<sup>52</sup> At mangyari nga na ang kabataang lalaking ito'y may mainam na pagkatao, dahil iprinesenta niya ang kanyang sarili sa Panginoong Jesus, na may pagkabatid na anupa't lumuhod siya. Sabi niya, "Mabuting Guro, ano pong gagawin ko upang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan?"

<sup>53</sup> Sabi Niya, "Bakit mo Ako tinatawag na mabuti," sabi, "gayong nalalaman mo na may tanging Isa lang na mabuti, at 'yun ay ang Diyos?" Kita n'yo? Ano nga ang ipinupunto dun ng kabataang lalaki? Na Siya ay Diyos. Kita n'yo? Sabi Niya, "Nalalaman mo ang mga utos. Tuparin mo ang mga ito."

Sabi, pagkatapos ang sabi niya, "Ano pong mga utos, Guro?"

<sup>54</sup> Sabi Niya, "Ang mga utos na 'galangin mo ang iyong ama at ina,' at ang iba pa."

<sup>55</sup> Sabi niya, "Ito po'y ginanap ko na, mula pagkabata. Kita Mo po, ginanap ko na po ito."

56 Sabi Niya, “Pero may isang bagay ka na kulang. Humayo ka, ipagbili mo ang mayroon ka, at ipamahagi mo sa mahihirap, at sumunod ka sa Akin.”

57 Grabeng oportunidad! Yun nga’y maaari sanang sina Pedro, Santiago, o Juan, isa sa kanila. Kita n’yo, ang kabataan nga’y pinagsanay at pinalaki nang tama, at iniharap kay Cristo, para magamit siya gamit ang lahat ng mga potensyal na kamit-kamit niya, para magamit, marahil edukado, kabataan, mayaman, maimpluwensiya, na maaari sana niyang ilahad ang Ebanghelyo, at sa kabila nun ay tinanggihan niya Ito. Grabeng—grabeng padalos-dalos na bagay ito para sa kabataang lalaking ito! Kita n’yo?

58 “Sumunod ka sa Akin.” Ngayon, kita n’yo, kailangan kasi’y may sundan siya. Ngayon, alinman ’yan sa susunod siya sa impluwensiya ng mga tao na may kaugnayan siya, impluwensiya ng kung sinong kabataang babae, impluwensiya marahil ng grupo ng mga kalalakihan kung saan siya may kaugnayan, ang mga kasamahan niya sa eskuwelahan, o sumunod kay Jesus Cristo. Mangyari nga na sa lahat ng kabutihan niya, alam niya na di niya kamit ang Buhay na Walang Hanggan.

Mga kabataan, ’yan nga’y isang bagay na dapat n’yong pagbulay-bulayan. Kita n’yo?

59 Ngayon tingnan n’yo nga ang kabataang lalaking ito ngayong gabi, kung ano sana siya, at kung ano siya, kung ano siya ngayong gabi. Naroon siya ngayon sa isang dako. Isa siyang tao. Naroon siya sa isang dako. Hinihintay niya ang Paghatol. Hinihintay niya na humarap siya sa Paghatol sa Araw na iyon, tinanggihan ang siya ring oportunidad na iprinepresenta sa inyo na mga kabataan, halos nandiyan din kayo mismo sa siya ring katayuan; maiinam na mga kabataan, mabubuti ang pagkatao, maiinam ang mga tatay at mga nanay, hayan nga ang mga bagay na kamit n’yo, na di n’yo na nga kailangan pang magtrabaho maliban na lang kung gusto n’yo. Kita n’yo?

60 Pero may bagay nga na kalakip dun. May bagay mismo na kaakibat nun. Ang Salita na ’yan, sa gabing ito, ay di kailanman mamamatay. Ito’y nananatiling hamon sa bawat kabataang lalaki, bawat kabataang babae, “Sumunod kayo sa Akin.” Kita n’yo?

61 Hindi po namamatay ang mga salita. Kapag may bibigkasin kayo, alalahanin n’yo, ’yan ma’y sa loob ng inyong sasakyan nang palihim, ’yan ma’y sa ibabaw ng pulpito, ’yan ma’y dito sa may kanto kasama ang inyong kasintahang lalaki o kasintahang babae, saanman ’yan, hindi nga ’yan namamatay. Yan—’yan po’y buhay kailanman.

62 Nung makinita ko ang kabataang babae na ’yun na aking . . . nung isang gabi sa isang pangitain, isang kabataan na magandang dalagita, isang artista sa Hollywood, haya’t nakinita

ko siya na namamatay, iniuunat ang bisig, sinusubukang humingi ng tulong. Namatay siya dahil sa atake sa puso, si Binibining Monroe. At 'yan po'y dalawang taon na ang nakalipas, haya't nakita ko kung paaano siya mamamatay. At dalawang araw lang pagkalipas ay namatay talaga siya.

<sup>63</sup> Tapos, nung isang gabi lang, naulinigan ko ang boses ng kabataang babae na ito. Paano? Ang sabi sa akin ng mga anak ko, "Daddy, dumadako ka lagi sa Ilog na 'yun Nang Wala Nang Balikan, sa tuwina." Sabi, "Mayroon silang dula na kagaya n'yan, ngayong gabi." Binanggit nila sa akin kung anong petsa na ipapalabas 'yun, isang linggo o dalawa bago pa. Sa isip-isip ko, "Buweno, gusto kong mapanood 'yun, dahil dumako na ako sa ilog na 'yun, nang dalawa o tatlong beses na; mga limang beses na nga, sa tingin ko." Buweno, gusto ko—gusto ko ngang mapanood 'yun.

<sup>64</sup> Tapos si Binibining Marilyn Monroe ang gumanap sa dulang 'yun. Buweno, 'yun nga 'yung binibini na nakita ko sa pangitain. At hayun nga siya, sa pelikula na 'yun, at 'yung pag-arte niya, 'yung mismong inarte niya sa *Ang Ilog Na Wala Nang Balikan*, noong gumanap siya sa pelikulang 'yun, marahil labinglimang taon na ang nakararaan. Isa po 'yung lumang pelikula, marahil dalawampung taon na ang nakararaan. At patay na siya nang magdadalawang taon na. At hayun nga siya uli, buhay, ang bawat kilos at bawat salita. Kita n'yo? Yun nga'y kuhang-kuha sa magnetikong teyp hanggang sa buhay uli ito.

<sup>65</sup> Hindi lang 'yan, mangyari na lahat ng sabihin natin ay buhay. Bawat salita na sabihin natin ay di namamatay. Dumadaan mismo riyon sa silid ay mga salita ngayon, mga anyo ng tao. Nasasagap 'yun ng telebisyon. Maaari kang magsalita rito, at maririnig ka nila sa buong mundo, sa siya ring segundo na 'yun. Bago mo pa nga marinig ito sa silid na ito, lumilibot na 'yun sa buong mundo, sa pamamagitan ng elektroniko.

<sup>66</sup> At ang malaking pinilakang tabing ng Diyos ay nasasagap 'yun. At bawat kilos at bawat galaw na ginagawa mo, sasagutin at sasagutin mo sa Paghatol. Kita n'yo? Kaya, kabataan, mainam na itigil n'yo na 'yan, bulayin n'yo ang mga bagay na ito, kita n'yo, dahil kakaharapin at kakaharapin n'yo ito uli. Kita n'yo?

<sup>67</sup> Sige't tugaygayin natin ang kabataang lalaki na ito, ang oportunidad na ibinigay sa kanya, at ilagay n'yo ang sarili n'yo roon. At maging ang kababaihan, kagaya ni Becky at Marilyn, kagaya nga na kayo mismo ang nakatayo roon sa katayuan ng kabataang lalaki na 'yun, at naririnig n'yo ang Tinig na 'yun na buhay na buhay pa rin.

<sup>68</sup> Buhay na buhay pa rin Ito. Kumikilos pa rin Ito. Sinasabi ng siyensiya, "Dalawampung taon mula ngayon, masasagap nila ang Kanyang literal na Tinig na sinalita Niya, dalawang libong taon ang nakararaan." Ito nga'y buhay pa rin. Kagaya ng

isang bato na inihulog sa karagatan, ang alon ay di napaparam. Umaabot 'yun sa dalampasigan, libo-libong milya man, at pagkatapos ay babalik na.

<sup>69</sup> Kapag ang isang tinig ay binigkas sa hangin na kagaya n'yan, hindi nga 'yun namamatay. Wala nga kayong maikakatuwiran sa Paghatol. Naroon kasi mismo 'yun. Lalabas nga roon ang Tinig ni Jesus Cristo na inaanyayahan ang kabataang lalaki, "Sumunod ka sa Akin," at ang kabataa'y tinalikuran ito, sa pinilakang tabing, nang may kalungkutan, dahil ang kabataan ay may kamit na malaking pagmamay-ari. Kita n'yo? Marahil di tayo ganoong. . .Hindi naman kasi laging tungkol sa pera. Puwedeng ibang bagay. Kita n'yo? Anumang bagay ito na mas mahalaga para sa atin kaysa sa tawag na 'yun, kita n'yo, 'yun nga ang nagmimistulang pera sa atin. Yun nga'y nagiging isang bagay na sumisira sa atin.

<sup>70</sup> Ngayon sige't subaybayan pa natin siya nang kaunti. Anong nangyari nung tumalikod siya? Hindi siya nakinig sa Tinig na 'yun ni Cristo. Sumama siya sa kanyang mga kaibigan.

<sup>71</sup> Na, kayo naman na kabataan, kayo'y maiinam na mga kabataan, at di mapipigilan na magkaroon kayo ng mga kaibigan, pero bantayan n'yo kung anong uri ng kaibigan ang magkakaroon kayo. Kung ang kaibigan na 'yun ay sumusunod kay Cristo, sumama kayo sa kaibigan na 'yun. Sumunod din kayo kay Cristo, siyanga rin. Pero kung hindi, huwag.

<sup>72</sup> Sige't tingnan natin siya. Nalaman natin, marahil pinanatili niya ang mga kaibigan niya. Siya'y naging magaling na tagapamuno. Siya'y tagapamuno na noon pa. Pagkaraan, nasubaybayan natin na siya'y yumaman hanggang sa siya'y—siya'y—siya'y kinailangan na magtayo ng karagdagan pang mga kamalig para pag-imbakan ng mga gamit niya. At pagkatapos sinabi niya sa sarili niya, matapos na tumanda-tanda na siya, na haya't ang mga abalihin ng kabataang buhay at mga bagay-bagay ay lumipas na, matapos ang lahat ng nagawa niya, marahil, kaaliwan.

<sup>73</sup> Kapag ang isang matandang lalaki o isang matandang babae, gaya ko, gaya ng maybahay ko, gaya ng inyo ngang mga nanay at mga tatay, wala na nga silang gaano pang iniisip. Hindi sila, wala na silang interes na gumala sa labas at—at magparoo't parito sa lansangan, alam n'yo, gaya—gaya ng ginagawa ng mga kabataang lalaki, at ng mga kabataang babae. Nakikipagtipan, at kung sino ang magiging asawang babae n'yo o asawang lalaki n'yo, o, kita n'yo, wala na 'yun sa isip nila. Sila, may mga anak na sila, na nandun na ang interes nila. Magiging ganyan din kayo, sa kinabukasan, kung may kinabukasan pa. Kita n'yo?

<sup>74</sup> At tingnan n'yo ang kabataang lalaki, hayan nga, marahil. . . Marahil hindi nga siya nag-asawa. At, kahit pa'y, naging isa siyang magaling na tagapamuno. At nauupo siya roon sa . . .

<sup>75</sup> At gaya nga sa Jerusalem, maski, hanggang ngayon, kumakain sila sa ibabaw ng bahay, sa oras na ito ng araw, kapag malamig, doon sila kapag maggagabi na.

At nakita nga natin ang isa pang tauhan na kasama niya sa eksena: isang pulubing namamalimos.

<sup>76</sup> At ang lalaking ito, na pinalaki na—na pagmalasakitan ang kapitbahay, at gawin sa iba ang ginagawa ng iba sa iyo. Kita n'yo, dahil sa pagtanggap niya sa tawag na 'yun ni Cristo, sa huli'y. . . Mistula ngang, ang isang kabataang lalaki na pinalaki sa isang tahanan na gaya nun, mistula nga na hindi na 'yun mawawaglit pa sa kanya, pero nawaglit nga. Nawaglit pa.

<sup>77</sup> At naroon ngang nakahandusay ang isang lalaki sa tarangkahan, na ang pangalan ng lalaki'y Lazaro, namamalimos sa kanya ng makakain, at di pinansin. Wala siyang magawa kundi kainin 'yung mga mumo na winawalis, at hindi pa nga sa kanya winawalis, kundi para sa mga aso. At siya'y tadtad ng mga sugat. Mangyari nga na ang lalaki na ito na pinaging pino ng lipunan, haya't, wala man lang siyang malasakit na naramdaman. Naging manhid siya, dahil tinanggihan niya noon ang alok na 'yun ni Cristo.

<sup>78</sup> At marahil nung isang gabi, sa kagaya nito ngayon na oras, tumatagay siya ng maiinam niyang alak, at mayroong naggagandahang mga kababaihan, tadtad ng alahas, na nakapaligid sa kanya, at mga bagay na gaya nun, na lahat na mga bagay na inasam ng mga puso niya, at tumatagay. Hayun ang isang pulubi na nakahandusay sa tarangkahan.

<sup>79</sup> At bago mag-umaga, nung sumunod na umaga, naroon na siya sa impyerno, sumisigaw ng pagmamakaawa na si Lazaro'y bumaba't magdaiti sana ng tubig sa kanyang dila. Nabago ang eksena.

<sup>80</sup> At napansin n'yo, nung sabihin niya, "Amang Abraham," ngayon, naaalala pa rin niya na si Abraham ay ang ama ng mga Judio. Sabi niya, "Amang Abraham, isugo mo po ang pulubi na si Lazaro na may kaunting tubig sa kanyang mga daliri, at idaiti sa aking mga labi. Nagpapahirap na lubha ang mga apoy."

<sup>81</sup> Tapos sabi niya. . . tapos sabi ni Abraham, "Yan, hindi ko magagawa 'yan," sa ibang salita. "At kung tutuusin, kita mo, nagkaroon ka na ng pagkakataon noon sa buhay."

<sup>82</sup> Kailan siya nagkaroon noon? Noong sabihin ni Jesus, "Sumunod ka sa Akin." Pero tinanggihan niya ito. Tumahak siya sa daan na dadami ang pera niya. At ayos lang naman 'yan, wala namang masama sa pagkakaroon ng pera, pero sumunod kayo kay Jesus habang ginagawa ito. Kita n'yo? At mangyari nga na sa kabilang daan ang tinahak niya, sumama sa nakararami.

<sup>83</sup> At masusumpungan n'yo, sabi niya, at sabi ni Abraham, "At kung tutuusin, may bangin sa pagitan ko at siya, na

walang sinumang tao ang nakatawid diyan, at walang kahit sino kailanman. Sila na mga nariyan ay di makatatawid papunta rito, at sila na mga narito ay di makatatawid papunta diyan. Yan ang pagkakatalaga. Walang sinuman ang nakatawid o makatatawid man.”

<sup>84</sup> Pagkatapos pakinggan n’yo siya. Pangarap niya noon na maging ebanghelista. Yung tawag na ibinigay sa kanya ni Jesus, para—para sumunod sa Kanya, noon, at maging isang tagapag-akay ng kaluluwa, noong isa pa siyang kabataang lalaki, nanumbalik sa kanya uli. Naalala niya ’yun, na may lima siyang kapatid na lalaki, at naroon sila sa lupa, at ayaw niyang mapunta sila sa kinalalagyan niya.

<sup>85</sup> Sabi niya, “Ipadala mo si Lazaro, kung ganoon, pabalik para pagsabihan ang aking mga kapatid nang sa gayon di sila mapunta sa daan na ito.” Sa madaling salita, “Tanggapin ang tawag na, ‘Sumunod ka sa Akin.’” Kita n’yo?

Pero sabi niya, “Ang mga kapatid mong ito, hindi sila tatalima.”

<sup>86</sup> Sabi niya, “Oo, kung may taong babangon mula sa kamatayan, gaya ni Lazaro, at babalik at para pagsabihan sila.”

<sup>87</sup> Kita n’yo, ipinapakita n’yan, na pagkatapos nating mamatay, kayo’y may ulirat pa rin. Haya’t nakakaalala siya. Sabi ni Abraham, “Tho, alalahanin mo, nung mga araw mo noon.” Kita n’yo? Nakakaalala pa rin kayo. Hindi n’yo naiwawaglit ’yung alaala n’yo. Makakaalala kayo.

<sup>88</sup> Haya’t ang mga alaala na ’yun na mayroon ang lalaking ’yun, at naroon mismo sa siya ring lugar na ’yun, alalahanin n’yo ang oportunidad na mayroon siya noong marinig niya si Jesus na nagsabi, “Sumunod ka sa Akin.” Pero maling tao ang sinundan niya, maling madla. Napasama siya sa maling karamihan, at napadpad sa maling lugar, napadpad sa maling Walang Hanggan; na pupuksain sa Araw na ’yun, mula sa Diyos nang magpakailanman.

<sup>89</sup> Si Jesus nga’y may binitiwang na dakila’t tumitimong pahayag, “Gayong ang isa’y magbangon mula sa patay at bumalik, sa kabila nun ay di pa rin sila mahihimok. Dahil, mayroon na sila nung batas ni Moises, at kung di nila ’yun pinakikinggan, anupa’t hindi sila makikinig kahit pa bumangon ang isa mula sa patay. Hindi sila mahihimok.”

<sup>90</sup> Bakit? Bakit? Nangusap ba ang kautusan tungkol sa bagay na gaya nun? Oo. “Gawin ninyo sa iba ang nais ninyong gawin nila sa inyo.” At siya’y nabuhay sa ilalim ng kautusan. Pero hinayaan niya ang pulubi na mamatay sa may tarangkahan. Kita n’yo? Nabuhay siya—nabuhay siya sa ilalim ng mga kautusan ng Diyos, at sa kabila nun ay nabigo na makita ang dakilang Buhay na Walang Hanggan.

<sup>91</sup> Mga kabataan, kayo, bawat isa, para ko na rin kayong mga anak. Kayo, bawat isa, para ko na rin kayong mga anak na lalaki't mga anak na babae. Sa isang banda, kayo nga, kita n'yo, sa espirituwal na pananalita. Ganoon nga. Inilagay—inilagay ng Panginoong Diyos ang inyong mga kaluluwa sa pangangalaga ko, dahil kayo'y pumarito, kayo'y nakikinig sa akin. Kayo'y naniniwala sa akin. Kita n'yo? Haya't kung tutuusin talaga, kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ko. Ganoon nga.

<sup>92</sup> Lagi n'yong alalahanin, ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay dakilang bagay. Ang mapalaki sa isang mainam na tahanan ay isang pamana mula sa Diyos. At ang maging maiinam na mga kabataan na may katauhan gaya ng mayroon kayo, mainam. Napakaganda, na magkamit ng edukasyon. Napakagandang mabuhay sa isang bansang malaya. Napakarami nating mga bagay na dapat tayo'y magpasalamat.

<sup>93</sup> Pero may isang bagay nga na hindi n'yo basta mamanahin. Kinakailangan na tanggapin n'yo Ito. Yun ang Buhay na Walang Hanggan. At magagawa n'yo lang 'yan kung susunod kayo kay Jesus, sa pamamagitan ng karanasan na maipanganak muli. Huwag na huwag n'yong isasantabi 'yan.

<sup>94</sup> Isang munting kuwento lang po na narinig ko, tungkol sa isang lalaki, oh, pobre siya. At gusto niya—gusto niya sa tuwina na. . . Isa po itong parang kathang kuwento, parang ganoon. Ito po'y tumimo sa akin nang husto, siyanga. Haya't isang araw may bulaklak siya na pinitas. At ang bulaklak na 'yun ay mahika, at kinausap siya nung bulaklak, at ang sabi, "Pobre ka buong buhay mo." Sabi nung bulaklak, "Ngayon humingi ka ng anumang gusto mo, at ipagkakaloob sa iyo."

<sup>95</sup> Sabi ng lalaki, "Sige't ang bundok na ito sa ibayo ay magbubukas, at nang sa gayon makapasok ako roon at masumpungan ko ang ginto sa bundok na ito."

<sup>96</sup> "Buweno," sabi ng bulaklak, "kailangan dalhin mo ako saan mang dako ka magpunta. Kita mo? Kailangan dala-dala mo ako. Para, kung nasaan man ako, haya't makakahiling ka ng nais mo."

<sup>97</sup> Lumakad na ang lalaki patungo sa bundok, at bumuka ang bundok, at pumasok siya. At 'yung mga salansan dun ay punung-puno ng mga ginto't mga brilyante, gaya ng sinasalaysay nung munting kuwentong katha. Ipinatong niya ang bulaklak dun sa ibabaw ng—ibabaw ng mesa, o, ng isang bato. At nagmadali siya't sinunggaban niya 'yung malaki't higanteng hiyas, at sabi niya, "Ipapakita ko ito sa mga kaibigan ko. At ngayon mayaman na ako. Kamit ko na ang lahat ngayon. Ipapakita ko ito."

<sup>98</sup> At mangyari nga na nagsalita ang bulaklak, "Pero," sabi, "nakalimutan mo ang pinaka mahalagang bagay."

<sup>99</sup> Kaya tumakbo siya pabalik at pinulot niya, sabi, "Buweno, siguro'y kukuha na rin ako—kukuha na rin ako nitong pirasong



ginto. Kukuha rin ako nitong piraso ng pilak.” At pagkatapos ang sabi niya, “Haya’t—haya’t magmamadali akong lumabas, para ibalita sa mga tao kung gaanong kayaman na ako ngayon, at lahat nitong mayroon na ako ngayon.”

<sup>100</sup> At mangyaring naroon na siya sa pinto, at sabi ng bulaklak, “Pero nakalimutan mo ang pinaka mahalagang bagay.”

<sup>101</sup> Kaya tumakbo siya uli pabalik. Sabi niya, “Dito nga’y matatagpuan natin ang lahat na ng uri ng mga materyal.” Haya’t, pumulot siya ng bato. Sabi niya, “Sige’t, pupulutin ko ang bato na ito at ipapakita sa mga tao kung anong klaseng bato gawa ang bundok na ito, para mahanap ko ang daan ko pabalik dito.” Kita n’yo?

<sup>102</sup> Tapos pumunta na siya sa pintuan, at sabi ng bulaklak, sa . . . sa huling pagkakataon, “Nakalimutan mo na talaga ang pinaka mahalagang bagay.”

“Oh,” sabi niya, “oh, huwag ka na ngang magsalita pa.”

<sup>103</sup> Kita n’yo, hindi na niya gustong pakinggan pa ’yun muli, “Nakalimutan mo na ang pinaka mahalagang bagay,” haya’t tumakbo na siya palabas nung pintuan. At nung makalabas na siya, sumara ang pinto sa likuran niya, na naiwan ang bulaklak sa loob. Haya’t ang pinaka mahalagang bagay ay yaong bulaklak. Kita n’yo? Ang pinaka mahalagang bagay ay yaong bulaklak.

<sup>104</sup> Mga taon na ang nagdaan, bilang isang kabataan, gaya ninyong lahat, dito, sa isang pastulan ng baka sa dako rito, sa itaas ng Phoenix. May nabasa akong artikulo, ng prospektor, sa isang diyaryo tungkol sa isang prospektor. Noong araw, wala pang mga kalsada rito noong araw, mga mumunting mga daanan lang gawa sa buhangin. Haya’t gumagawa pa rin sila hanggang ngayon ng trabaho ng prospektor dito, alam n’yo.

<sup>105</sup> Mangyari nga na ang prospektor ay dumating, at nakatagpo siya ng maraming mga pera, at nakasumpong siya ng maraming ginto. At sa daan niya papunta dun, tumuloy siya sa isang dampa na nahanap niya. At may aso siyang kasa-kasama, at, ang—ang aso, itinali niya sa labas. At nung gabing ’yun, may tulisan pala na sumusunod-sunod sa kanya, para kunin ang ginto na ito. Nakuha niya ’yun sa mga lumang minahang Kastila, at dala-dala niya ’yun nung tumuloy siya. At mangyaring ang aso’y nagsimulang magtatahol.

<sup>106</sup> At ’yung lalaki’y ayaw magpaistorbo sa aso. Sabi niya, “Manahimik ka diyan.” Sabi niya, “Bukas, dadalhin ko ito, sa—sa siyudad.” At ako’y . . .Heto nga ’yung aral na mapupulot sa kuwentong ito. “At ipapatimbang ko ito, at magiging mayaman ako. Tapos bibili ako ng magagarang sasakyan. At magkakaroon ako lahat na ng mga babae’t magagarbong kasiyahan. At magiging mayaman ako, dahil nakuha ko na ’yung samsam.

Narito na sa akin ang ginto, napakarami nga nito.” Tapos sabi, “Aking . . .”

<sup>107</sup> At habang papatulog na siya, tuloy sa pagtahal ang aso, dahil nakita nung aso 'yung tulisan na paparating, pumupuslit, hinihintay 'yung prospektor na makatulog.

<sup>108</sup> Ang prospektor nga'y tumayo, at sinigawan 'yung aso uli, sabi, “Tumahimik ka nga diyan.” At 'yung kaawa-awang aso'y umingit at sinusubukan lang naman niyang balaan ang amo niya na may panganib na nagbabadya—nagbabadya. At nung siya . . .

<sup>109</sup> Nung sumunod, nung tumahal uli ang aso, ang prospektor nga'y may mahabang baril. Ayaw niyang paistorbo, kaya tumayo siya at binaril 'yung aso. At ang prospektor ay pinatay nung gabi ring 'yun, nung tulisan. Lahat ng magagarbo niyang pangarap ay walang mabuting naidulot sa kanya. Bakit? Pinatahimik niya ang tinig na nagbababala sa kanya.

<sup>110</sup> Wala ngang sinuman ang makagagawa ng anuman sa inyo, mga kabataan, na may makagagawa ng anuman na ikapapahamak n'yo, matapos na kayo'y palakihin sa kung ano kayo, maliban na lang kung may nararamdaman kayong bagay na nagsasabi sa inyo na huwag gawin 'yun. Ngayon, huwag na huwag n'yong patatahimikin ang tinig na 'yun na nagbababala sa inyo.

<sup>111</sup> At lagi n'yong tandaan, tanggapin n'yo ang Tinig na 'yun na nagsasabi, “Sumunod kayo sa Akin,” at sa tuwina nga'y mainam ang kalalabasan ninyo. Naniniwala ako na gagawin n'yo. May kumpiyansa ako sa inyo. Pero lagi n'yong pagkakatandaan na si Jesus, ang Tinig na 'yun, ay nabubuhay sa lupa sa gabing ito.

<sup>112</sup> Gaya nga, na ang bawat tinig at bawat salita na binigkas ay nananatiling buhay, kapag ang tinig na 'yun ay madadako sa ether wave na 'yun sa hangin. Ang . . . Kita n'yo, may transmitter kayo rito na nagpapadala nun. Kayo ang transmitter na nagpapadala nun doon. Ngayon may istasyon na sasagap dun.

<sup>113</sup> At si Jesus ang Transmitter ng Salita ng Diyos, dahil Siya ang—ang kabuoan ng Diyos na nahayag sa isang Tao. Siya'y ganap na Diyos at ganap na Tao.

<sup>114</sup> At ang trinidad ng Diyos, ang trinidad ng mga katangian ng Diyos, bilang Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay nirepresenta sa isang Tao na iyon, si Jesus Cristo. Kaya, hayon, Siya ang Salita.

<sup>115</sup> At Siya ang Transmitter na nagsabi, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan.” Kita n'yo? “Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan.” Ngayon, ang Salita na 'yun ay lumabas mula sa isang Transmitter. Sinabi Niya, isang araw, “Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, kung sasabihin ninyo

sa bundok na ito, 'Maalis na,' at hindi mag-aalinlangan sa inyong puso, bagkus ay mananampalataya na ang sinabi ninyo ay magkakatotoo, matatanggap mo ang sinabi mo."

<sup>116</sup> Ngayon, kung maibubunsod n'yo na kayo'y maging istasyon na sasagap Dun, sa pamamagitan ng kung anong kontrol na nariyan sa kaibuturan n'yo, sa pamamagitan ng pananampalataya, dadalhin kayo nun sa yugtuang Diyos, patungo sa bagong Kapanganakan, at maipanganak na muli. Mangyari nga na kayo'y laging magkakaroon ng kaugnayan, na mapakinggan ang Tinig na 'yun na magbababala sa inyo sa tuwina kapag nariyan ang panganib. Kapag ang mga bagay ay mali, napapadpad sa mali, lagi Itong magbababala sa inyo. At pagkatapos, sa halip na balang araw ay magagaya kayo sa mayamang kabataang lalaki na ipinapangusap natin; kayo'y dapat magiging isang lalaki gaya ni apostol Pedro, Pablo, o kung sino na nakapag-aakay ng mga kaluluwa para kay Jesus Cristo. Yan ang tamasahin n'yong gawin, mga kabataan.

Maaari ba tayong manalangin?

<sup>117</sup> Panginoong Jesus! Itong mga kabataan, ay mga kalalakihan at kababaihan ng kinabukasan, kung may kinabukasan pa. Kinakailangan naming sanayin sila, Panginoon. Ramdam po namin ang pasanin, na sanayin sila na parang may kinabukasan pa. Kung wala na po, kung ganoon ay ngayon na ang araw.

<sup>118</sup> At pagkatapos, Ama, alam namin na walang katanggap-tanggap sa Iyong paningin. Walang laman ang makapag-aangkin ng luwalhati. Walang edukasyon, gayong ang mga bagay na ito'y maiinam, wala pong mga gawa, walang institusyon ng relihiyon, walang sikolohiya, walang makapagkukumpirma sa Diyos kundi ang Espiritu Santo. Siya ang Instrumento, ang Diyos Mismo, sa anyo ng Buhay na Walang Hanggan, na maaaring dumako sa amin bilang isang indibiduwal. At kami'y nagpapasalamat para rito.

<sup>119</sup> Tunay na ipinahayag noong magpahayag si Pedro. Sinabi ni Jesus sa kanya, "Laman at dugo'y hindi ito inihayag sa iyo. Hindi mo ito natutunan sa isang seminaryo. Hindi mo ito natutunan sa kung saang paaralan." Isa itong personal na bagay, bagay na bawat indibiduwal ay tatanggapin. Sinabi Mo, "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang pintuan man ng impyerno'y hindi makakapanaig laban dito." Kami po'y nagpapasalamat para riyang Panginoon.


<sup>120</sup> Ang Tinig na 'yan ay buhay pa rin mapasa hanggang ngayong gabi. At may mga himpilan pa rin, labas na himpilan, himpilan ng pakikinig, istasyong sumasagap, ukol sa pananampalataya, na tatanggapin at tatanggapin Ito. Dalangin po namin na ang bawat isa sa mga kabataang ito'y tatanggapin Yan, Panginoon, sa kanilang mga puso. At maalala, na hindi ito sa gana ng nagagawa nilang mabuti, bagkus sila...Hindi kami

hinahatulan ng Diyos sa pamamagitan ng nagagawa namin, bagkus sa pamamagitan ng bagay na tinanggap namin. Kami po'y ligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi sa aming mga gawa. Kaya dalangin namin, Makalangit na Ama, na mahagip nila ang pangitain ngayon, at makita't marinig ang dakilang Walang Hanggan na paanyayang 'yun, na "Pumarito ka, sumunod ka sa Akin."

<sup>121</sup> Nawa ang bawat isa sa kanila, Panginoon, ay bumaling mula sa mga bagay ng sanlibutan, mula sa mortal, na may hangganang buhay. Habang narito po sila sa gabing ito, at heto sila na may ginintuang-olandes na buhok, at ang ilan sa kanila'y itim ang buhok, at itim na mga mata, at asul na mga mata, at nakaupo sa pinaka mainam nila kailan man.

<sup>122</sup> At gaya ng sinabi ng isang batikang manunulat, "Alalahanin ninyo ang Maylalang sa kaarawan ng inyong kabataan, habang hindi pa dumarating ang masasamang araw. Nang sa gayon ay wala na kayong kaluguran sa mga bagay na ito." Gaya mismo, Panginoong Jesus, ng sinabi Mo noon kay Pedro, "Noong ikaw ay bata pa, nakababangon ka at nakapupunta saan mo man naisin. Pero sa pagtanda mo, may bubuhat na sa iyo papunta sa dako na hindi mo gustong puntahan." Iyo pong ibunsod na maalala nila, "Ngayon na ang araw. Ito na ang oras." Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

<sup>123</sup> Hinihiling ko ang bawat isa sa kanila, bilang parang sarili ko nang anak, dito ngayong gabi, ang bawat isang bata na narito. Nararamdaman ko na Iyo pong inilagay sa mga kamay ko, na sila'y bantayan. Hinihiling ko lahat sila, mula kay Satanas at mula sa kamatayan, patungo sa Buhay kay Jesus Cristo. Amen.

<sup>124</sup> Pagpalain kayo, mga bata. Napaka inam nga na makapag-iwan ng kaunting mga salita sa inyo. At ako'y magtutuluy-tuloy na, Billy. Maiinam na mga bata, kinalulugdan ko kayo. Kapatid na Fred, pagpalain ka ng Panginoon. Pagpalain ka ng Panginoon, kapatid na babae. 

*PUMARITO KA, SUMUNOD KA SA AKIN* TAG63-0601  
(Come, Follow Me)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Hunyo 1, 1963, sa isang Pagtitipon sa Bahay sa Tucson, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)